**Name: Nialene Calumpiano**

**Course and Section: HRDM B2021**

**Ang Makulit, ang Mapagtanong, at ang Mundo ng Kasagutan (2011 First Prize Carlos Palanca Award)**

**Dumatol, Mary Amie Gelina**

*Si Angeli Dumatol ay isang propesyunal na manggagamot, kapag wala sya sa klinika, matatagpuan sya larangan ng pagsusulat ng libro. Ang kanyang hangarin ay makapag gamot ng tao sa pamamagitan ng medisina at literatura. Si Angeli ay nagsusulat mula noong edad na anim at natapos ang kanyang unang nobela sa edad na labindalawa. Ang kanyang sanaysay na pinamagatang Ang Makulit, ang Mapagtanong at ang Mundo ng Kasagutan, ay naka kamit ng unang parangal sa taong 2011 sa Carlos Palanca Memorial Awards for Literature – Kabataan Sanaysay.*

## Ang Makulit, ang Mapagtanong, at ang Mundo ng Kasagutan

Sabi ng mga kaibigan ko, makulit daw ako. Sabi ko naman, ako ay sadyang mapagtanong lang. Magkaiba ang makulit sa mapagtanong. Oo, mapagtanong ako, pero tila tama rin pala ang aking mga kaibigan. Sa mga pagkakataong sumosobra na ang aking pagtatanong, hindi ko namamalayan na nagiging makulit na pala ako. Heto nga at umiinit na ang ulo ng aking minalas na kaibigan.

Bakas sa kaniyang mukha ang kahanga-hangang pagtitimpi at bagamat inaasahan kong anumang oras ay bibigay na siya at sisigawan ako, sa huli ay pinilit na lamang niyang ngumiti at makiusap, "*I-Google* mo na lang 'yan."

*I-Google ko raw ang lahat ng mga katanungan ko. Sige, masubukan nga. Tingnan natin kung kakayanin ng Google na ito ang aking pagiging makulit - este, mapagtanong pala.*

Matapos ang ilang tangka ng pagtatanong, naiwan akong nagtataka at humahanga. Sa bawat katanungang ilagay ko sa mahiwagang patlang, laging may nakahandang sagot itong Google. Kaunting *type* lang, tapos isang pindot. *Tada!* Lilitaw na kaagad ang mga kasagutan. Ganoon lamang kadali. Ganoon lamang kabilis.Tama nga marahil ang ipinagmamalaki ng Google: *Sinusuwerte ako.*

Ngunit, minsan na akong nagtaka. *Sa madaling salita, umiral nanaman ang aking pagiging mapagtanong*. Hindi ba't sa pagsusumikap na maghatid ng bisa at bilis, higit pang humirap ang mga hakbang tungo sa ugnayan at komunikasyon? Hindi ba't sa ating labis na pamamalagi sa *cyberspace*, tila pinuputol natin ang ating ugnayan sa katotohanan, sa mundong tunay nating kinabibilangan?

Ako ay sadyang mapagtanong. At marahil, dahil walang katiyakan ang takbo ng buhay, marami pang ibang tao ang nagiging mapagtanong. Sila ay nagtatanong sa kagustuhang makakuha ng kahit kaunting pahiwatig sa kung ano ang haharapin at pagdaraanan. Sila ay nagtatanong sa kagustuhang maunawan ang mga kinahinatnan. Sila ay nagtatanong sa kagustuhang malaman kung ano ang magagawa upang mabago ang kapalaran.

Tila isinara ko na ang sarili ko sa anumang kasagutang alok ng totoong buhay sa mundo ng katotohanan. Mas pinili ko na ang manirahan sa mundo ng *cyberspace.*

Ngunit, hindi *cyberspace* ang mundo ng kasagutan. Oo, may mga impormasyong taglay ito na ating maaaring makuha sa isang madali at mabilis na paraan, ngunit hindi ito ang ating tunay na kailangan.

Ang hindi natin alam, o marahil ang alam nga natin ngunit ayaw naman tanggapin, ay mas mahalaga ang proseso ng paghahanap para sa mga kasagutan kung ikukumpara sa kasagutan mismo. Tama lamang na maging mapagtanong. Ngunit, hindi dapat natatapos sa simpleng pagbubuo ng mga tanong sa isip. Kailangan nating kumilos upang makamit ang mga kasagutan. Tayo ay hindi lamang dapat umaasa sa alok ng Google. Ang totoong mga kasagutan ay hindi natin makukuha matapos lamang ang isang pindot, bagkus ay pinaghihirapan at pinagsisikapan. Tayo mismo ang dapat humarap sa mga pagsubok ng buhay. Sa paraan lamang na ito tayo tunay na matututo at hindi magtatagal, kusa na nating makakamit ang mga pinananabikang kasagutan.

Sabi ng mga kaibigan ko, makulit daw ako. Sabi ko naman, ako ay sadyang mapagtanong lang. *Bakit ba lagi na lang akong napagsasabihang makulit? Makulit nga ba ako?*

Hindi ko na susubukang i-Google ang mga tanong ko. Hindi na ako mag-aaksaya ng oras na paikot-ikot sa mundo ng *cyberspace.* Wala roon ang mga sagot.

Sa halip, igugugol ko na lamang ang oras ko sa pagharap sa buhay, maging anumang hirap o pagsubok ang kaakibat nito. Ito ang mundo ng katotohanan. Ito ang mundo ng kasagutan.

Dulog:

Moralistiko

Sikolohikal

Realismo